9

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Learning Activity Sheet
# Filipino 9
## Kuwarter 4 –Linggo 1- MELC 3

Pagtutukoy sa mga Kontekstuwal na Pahiwatig sa Pagbibigay-kahulugan



REHIYON VI-KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS) Blg.3**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet sa Q4-Filipino 9**

**Manunulat:** Rosie C. Cabus
**Tagasuri :** Alicia M. Geroso
**Tagalapat :** Eldiardo E. Dela Peña

**Division Quality Assurance Team**
Diana P. Agupasa Perly M. Mapa
Cynthia C. Caspe Rosie C. Cabus
Marie Antoniette M. Villar
**Division of Escalante City Management Team:**
Clarissa G. Zamora, CESO VI
Atty. Fevi S. Fanco, EdD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso
**Regional Management Team:**
Ramir B. Uytico
Pedro T. Escobarte, Jr.
Elena P. Gonzaga
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

Ready-to-Print

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod Escalante at Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:** Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner's progress).

**Para sa mga mag-aaral:** Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan.

Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

Ready-to-Print

**Learning Activity Sheet (LAS) Blg. 3**

Pangalan:______________________________Grado at Seksiyon:_______________

Petsa: ___________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

## Pagtutukoy ng mga Kontekstuwal na Pahiwatig sa Pagbibigay- kahulugan

Ready-to-Print

### I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda

Natutukoy ang mga kontekstuwal na pahiwatig sa pagbibigay-kahulugan (F9PT-IV-b-56)

### II. Panimula (Susing Konsepto)

Ang araling ito ay inihanda para sa iyo upang mapalawak ang iyong kaalaman sa wika at gramatika. Hahasain ng kasanayan na ito ang iyong kaisipan

***Ano ang kontekstuwal na pahiwatig?***

Ang tawag sa paraan ng pagtukoy sa kahulugan ng salita na ginagamit ang mga palatandaan o pahiwatig na makikita sa loob ng pangungusap o talata. Ang kontekstuwal na kahulugan ng salita ay nakikita sa pamamagitan ng (pagsusuri )at (pag-uugnay )ng mga salitang sinusundan o sumusunod sa di-kilalang salita. Iba't ibang paraan ng ginagamit sa pagtukoy o pagbibigay kahulugan sa salita sa pamamagitan ng kontekstuwaL na pahiwatig.

1. *Depinisyon*- direktang mababasa ang kahulugan ng salita sa loob ng pangungusap.

   *Halimbawa:*

   Nakasusugat ng puso ang MAHAHAYAP na salitang binigkas ng kaniyang kaaway.

2. *Karanasan*- nahango ang kahulugan batay sa mismong karanasang nabanggit sa pangungusap.

   *Halimbawa:*

   Labis ang kaniyang PIGHATI dahil sa walang paalam na pag-alis ng kanyang minamahal.

3. *Salungatan*- maliban sa kasingkahulugan, mainam na malaman ang kasalungat nito.

*Halimbawa:*
Ang KABUKTUTAN ay hindi dapat magkubli sa anino ng kabutihan.

4. *Pahiwatig*- ito ay kahulugan batay sa sanhi at bunga ng pahayag.

*Halimbawa:*
Ang PAGSULONG ng bayan ay makakamit kung matutulungan ang mga mamamayan at pamahalaan.

5. *Pagsusuri*- kailangan dito ang kakayahang panlinguwistika upang masuring maigi ang salita.

*Halimbawa:*
Naglaho siya sa KARIMLAN.
(ka+dilim+an)

6. *Pagkilala sa kahulugan ng salita ayon sa sitwasyong pinaggamitan ng salita.* Ang ganitong paraan, mahalagang unawain ang salita o mga salita ayon sa mga pangyayari o sitwasyong kaugnay nito.

*Halimbawa;*
NAMANGHA si Ron sa ganda ng tanawin. Nanlaki ang kaniyang mga mata. Bumilis ang tibok ng kaniyang puso. Napapigil ang kaniyang hininga.

7. *Pagkilala sa kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa*.
Sa pamamagitan ng mga halimbawa, madaling mauunawaan ang

*Halimbawa:*
Maiiwasan ang (SIGALOT) tulad ng patayan, nakawan,at kahulugan ng salita.awayan kung ang mga tao ay matututong magmahalan at magbigayan.
sa mga kontekstuwal na pahiwatig sa pagbibigay -kahulugan.

Ready-to-Print

## III. Sanggunian:

Rizal,Jose-Noli Me Tangere, kabanata 56&59 pahina,311-316/325-330

*https.www.coursehero.com/https/www.sribd.comII*

## IV. Mga Gawain

**Gawain 1**
**Panuto: Tukuyin ang mga kontekstuwal na pahiwatig ng salitang may salungguhit sa loob ng pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot.**

1. Naghahanda si Kapitan Tiyago ng hapunan para sa <u>pag-iisang dibdib</u> ni Maria Clara at Linares ngunit ang pagpapakasal na ito ay tinututulan ni Maria Clara.

A.naghahanda C. hapunan
B.pagpapakasal D. tinututulan

2.) <u>Nagalak</u> ang puso ni Maria Clara na makita si Crisostomo Ibarra ngunit ito'y napalitan ng lumbay nang dumating si Padre Damaso.

A. puso C.dumating
B. napalitan D. lumbay

3.) Dumating si Crisostomo Ibarra sa San Diego malapit nang mag-umaga. Nasilayan niya ang <u>magbubukang- liwayway</u>.

A. malapit nang mag-umaga C.nasilayan
B. dumating D.umaga

4.) <u>Nahumaling</u> si Padre Sibyla sa kagandahan ni Maria Clara. Kaya hibang na hibang siya dito at handa siyang gawin ang lahat.

A kagandahan C. hibang na hibang
B. handa D. gawin

5.) Binibintangan si Don Rafael sa pagkamatay ng maniningil ng buwis at siya ay <u>inusig</u> ng makapangyarihan. Nalaman ito ni Crisostomo Ibarra na pinaghahanap ang kaniyang ama

A. binibintangan C. makapangyarihan
B. pinaghahanap D. maniningil

**Gawain 2**

**Panuto: Tukuyin sa loob ng pangungusap ang kahulugan ng salitang nasa loob ng panaklong gamit ang mga kontekstuwal na pahiwatig.**

*1. ( naglakas-loob)*
Tanging si Rizal ang nangahas na salingin ang mga maling sistema ng pamamalakad ng mga Español sa bansa

2. (kasamaan)
Ang mga kabuktutan at pagmamalupit ng mga Español ang nagtulak sa kaniyang lumikha ng pagbabago para sa bayan.

3. (isiniwalat)
Itinambad niya ang totoong larawan ng relihiyong itinuro ng mga Español sa mga Pilipino.

4. (paghihirap)
Ang pagdaralita ng mga Pilipino ay bunga ng pagpapahirap at pang-aabuso ng mga dayuhan sa bansa.

Ready-to-Print

5. (mailantad)
Sinulat ni Rizal ang Noli Me Tangere sa paglalayong maisiwalat ang kabuktutan at pagmamalupit ng mga Español at gisingin ang natutulog na damdamin ng kaniyang mga kababayan.

**Tandaan:**

| |
|---|
| Ang kontekstuwal na kahulugan ng salita ay nakikita sa pamamagitan ng (pagsusuri) at (pag-uugnay) ng mga salitang sinusundan o sumusunod sa di-kilalang salita. Maunawaan natin ang mga kontekstuwal na pahiwatig batay sa paraan ng pagkakagamit ng salita sa pangungusap. |

## V. Repleksiyon

Natutuhan ko na mahalaga na malaman ang kahulugan ng salitang ginagamit sa pangungusap o talata dahil_______________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

## VI.Susi sa Pagwawasto

**Gawain 1**
1.) B
2.) D
3.) A
4.) C
5.) B

**Gawain 2**
1.naglalakas-loob-nangahas
2.kasamaan-pagkamalupit
3.isiniwalat-itinambad
4.paghihirap-pagdaralita
5.mailantad-maisiwalat

Repleksiyon: Iba't ibang kasagutan ang mga mag-aaral

Ready-to-Print